

# Maging Kasosyo ng 2020 Senso

Ang mga kasosyo ay kritikal para sa tagumpay ng 2020 Senso. Bilang mga pinagkakatiwalaang tinig ng inyong komunidad, makatutulong kayong iangat ang kamalayan tungkol sa 2020 Senso at hikayating sumagot ang lahat. Ang inyong pagsisikap na palaganapin ang mensahe at masigurong makakatawanan ang lahat ay magbibigay ng mas wastong data para sa inyong komunidad at matutulungan ang mga samahang tulad ng sa inyo para magsagawa ng mahahalagang desisyon.

## Ano ang kasosyo?

Ang kasosyo ay isang organisasyon na tumutulong na masiguro na ang kanilang mga komunidad ay makakatawanan nang wasto sa 2020 Senso. Ang mga kasosyo ay sasali sa network ng mga pambansa at lokal na organisasyon na humihikayat sa lahat ng sambahayang sumagot.

## Ano ang gawain ng mga kasosyo?

Ang sosyohan ay hindi itinuturing na one-size-fits-all. Makikipag-ugnayan kami sa mga kasosyo para pumili ng malikhain, mas makabuluhan, at may kapwa kapani-pakinabang na paraan para mapalaki ang porsiyento ng pagsagot sa senso.

## Paano makikinabang ang organisasyon namin dito?

Sa wastong data ng senso, ang mga negosyo ay makagagawa ng mas matibay na desisyon at ang mga non-profit naman ay mas makapaglilingkod sa kanilang mga komunidad.

## Anong resources ang puwede ninyong ibigay?

Makapagbibigay kami ng mga fact sheet, polyeto, poster, sticker, social media post, video, mapping tool, at marami pang iba para suportahan ang inyong outreach.

## Interesado ako. Ano'ng susunod?

Magsimula sa **census.gov/partners/join.html**. Masugid naming sasalubungin ang pagsali ninyo bilang kasosyo ng 2020 Senso.

Makipag-ugnayan sa amin sa **@uscensusbureau**

**2020CENSUS.GOV/tl**

**Bigyang hugis ang inyong kinabukasan**
**MAGSIMULA DITO >**

United States® Census 2020

D-SS-AS-TG-405

## Kontakin ang inyong sentro ng senso sa rehiyon

- **Atlanta** – *naglilingkod sa Alabama, Florida, Georgia, Louisiana, Mississippi, North Carolina, South Carolina*
  **Telepono:** 470-889-6800
  **E-mail:** Atlanta.rcc.partnership@2020census.gov

- **Chicago** – *naglilingkod sa Arkansas, Illinois, Indiana, Iowa, Michigan, Minnesota, Missouri, Wisconsin*
  **Telepono:** 312-579-1605
  **E-mail:** Chicago.rcc.partnership@2020census.gov

- **Dallas** – *naglilingkod sa Arizona, Colorado, Kansas, Montana, Nebraska, New Mexico, North Dakota, South Dakota, Oklahoma, Texas, Utah, Wyoming*
  **Telepono:** 972-510-1800
  **E-mail:** Dallas.rcc.partnership@2020census.gov

- **Los Angeles** – *naglilingkod sa Alaska, California, Hawaii, Idaho, Nevada, Oregon, Washington*
  **Telepono:** 213-314-6500
  **E-mail:** Los.Angeles.rcc.partnership@2020census.gov

- **New York** – *naglilingkod sa Connecticut, Maine, Massachusetts, New Hampshire, New Jersey, New York, Puerto Rico, Rhode Island, Vermony*
  **Telepono:** 212-882-2130
  **E-mail:** New.York.rcc.partnership@2020census.gov

- **Philadelphia** – *naglilingkod sa Delaware, District of Columbia, Kentucky, Maryland, Ohio, Pennsylvania, Tennessee, Virginia, West Virginia*
  **Telepono:** 267-780-2530
  **E-mail:** Philadelphia.rcc.partnership@2020census.gov

## Mga Importanteng Petsa ng 2020 Senso

**Enero-Abril 2020**

Gagawin ang unang enumerasyon sa Toksook Bay, Alaska

**Marso 2020**

Ang mga notisyang pangsenso ay ipapadala sa koreo o ihahatid sa mga sambahayan (mga magkakasama sa tirahan).

**Marso - Mayo 2020**

Dadalaw ang mga tagakuha ng senso sa mga sambahayan para i-update ang mga listahan ng address at para mangalap ng impormasyon sa palatanungan.

**Abril 1, 2020**

Araw ng Senso

**Mayo-Hulyo 2020**

Dadalaw ang mga tagakuha ng senso sa mga sambahayang hindi pa nakukumpleto ang mga palatanungan.

**Disyembre 31, 2020**

Ayon sa batas, ihahatid ng Kawanihan ng Senso sa Presidente ang mga bilang ng populasyon para sa pagbabahagi ng mga puwesto sa kongreso.

**Marso 2021**

Ayon sa batas, matatapos nang ihatid ng Kawanihan ng Senso sa mga estado ang data sa muling pagdistrito.

Para sa karagdagang impormasyon:

**2020CENSUS.GOV/tl**

D-SS-AS-TG-405

**Bigyang hugis ang inyong kinabukasan**
**MAGSIMULA DITO >**

United States® Census 2020